

Homiliya Opening ng Synodal Process sa mga Parokya

Minamahal kong mga kapwa lingkod-katiwala na mga anak ng Diyos

Bilang isang Katoliko nararamadaman mo ba na ikaw ay itinuturing na mahalagang kasapi ng Simbahan? Maliban sa paghuhulog ng pera sa buslo pag oras na ng koleksyon o pagbibigay ng pera sa opisina kung magpapabinyag o magpapakasal nadama mo ba na ikaw ay may maibabahagi upang hindi lamang ikaw ang mapalapit sa Diyos kundi pati rin naman ang iba? Hindi kaya magandang isipin na ang Simbahan ay hindi lamang binubuo ng mga pari at madre kundi ng lahat ng binyagan at lahat ay may masasabi at may magagawa upang sama-sama na magpuri at magpasalamat bilang mga kapwa anak ng Diyos?

Napakagandang pangarapin ito. Ito rin ang nais mangyari ng ating butihing Santo Papa Francisco. Nais niya na ang lahat ng mga kaanib ng Simbahang Katoliko ay nakikipagbuklod, nagbabahagi at nagmimisyon sa lahat ng aspeto ng buhay ng Simbahan. Sa paanong paraan tayo maaaring makipagbuklod? Una ay mayroon tayong iisang katangiang bunga ng pagiging binyagan: tayo ay mga kapwa anak ng Diyos. Tayo ay magkakapatid sa mata ng Diyos. Pantay ang ating dangal sa harap Niya at wala nang mas mataas na pamantayan kaysa pagiging anak ng Diyos; mas mataas pa kaysa pagiging kasapi ng kinikilalang pamilya, kaysa kayamanan, kaysa katalinuhan, kaysa posisyon sa pamahalaan o kompanya, kaysa natanggap na mga karangalan na kaloob ng lipunan. Pinag-iisa tayo ng pag-ibig ng Diyos at tayo ay pinag-uugnay ng pagiging kawangin ng Diyos, anak ng Diyos at tagapagmana ng kanyang kaharian.

Paano tayo nagbabahagi? Mayroon ba tayong sariling atin? Wala, lahat ay kaloob ng Diyos, pati ang ating buhay, mga mahal sa buhay, mga ikinabubuhay at lahat ng nagbibigay-kulay sa buhay ay kaloob ng Diyos. Paano tayo makapagpapasalamat sa mga tinanggap nating ito? Ano ang maibibigay nating kapalit o maibabalik sa Diyos? Wala. Pero mayroong ninanais ang Diyos na gawin natin. Nais niya na tumulad tayo sa kanya sa pagiging mapagbigay. Tayo ay dapat na magbahagi. Ano ang ibabahagi? Lahat ng ating tinanggap ay maaari nating ibahagi. Ay paano kung tayo naman ang maubusan? Patuloy tayong pagkakalooban ng Diyos. Sapat ang nilalang ng Diyos dito sa mundo para sa pangangailangan ng bawat isa. May kinukulang dahil sinasarili ng iba ang para sa kapwa. Ano ang ibabahagi? Panahon, talino at yaman.

Paano tayo magmimisyon? Limandaang taon na tayo bilang Katolikong bansa na siya namang ipinagdiriwang natin ngayon taong 2021. Saan galing ang ating pagiging Katoliko? Galing sa mga misyonerong Kastila at ipinasa sa loob ng maraming taon sa ating mga ninuno hanggang makarating sa ating mga magulang na ipinasa naman sa atin noong tayo ay kanilang pinabinyagan at pinalaki tayo sa ganitong pananampalataya. Nagtulong-tulong ang mga punong-katiwala ng Simbahan upang matanggap natin ang

mga sakramento, upang marinig natin ang katesismo at mayroon ding mga nag-aral sa mga paaralang Katoliko.

Ang nais ng Santo Papa, maranasan ng bawat Katoliko na siya ay kasama sa gawain ng pagbubuklod, pagbabahagi at pagmimisyon ng Simbahan. Kaya sa misang ito tayo ay nakikiisa sa lahat ng mga Katoliko sa buong mundo sa pagbubukas ng pangmaramihang gawain na dito ay ipararanas sa atin ang buhay pagbubuklod, buhay pagbabahagi at buhay pagmimisyon. Mahalaga na maranasan ng mga inanyayahan sa gawaing ito ang paglalakbay na sama-sama, nagbabahaginan ng kani-kanilang karanasan, dinadama kung paanong sa paglalakbay na ito ay natututong mangarap ng kung ano ang ninanais ng Diyos para sa ating Simbahan, nagiging matatag ang pag-asa, nabubuhay ang pagtitiwala sa isa't isa, pinaghihilom ang sugat, lumalago ang mas malalim na ugnayan, natututo mula sa kapwa, gumagawa ng tulay sa pagbubuklod, naliliwanagan ang isip, pinag-aalab ang puso at pinalalakas tayo na ibahagi ang karanasang ito sa kapwa na naghahanap sa Diyos.

Paano ito mangyayari? Sa bawat parokya magkakaroon ng mga grupo na magkasamang makikinig sa pagbabahagi ng bawat isa, makikinig sa Salita ng Diyos, magninilay kung ano ang nais ipahiwatig ng Diyos sa mga nangyayari. Tipunin ang mga karanasang ito magmula sa mga parokya, patungo sa diyosesis, patungo sa pambansang kapulungan ng mga obispo hanggang makarating sa Roma. Mula doon magbubuo ang Papa ng sulat na dito ay kanyang ilalarawan ang mga naganap at magbibigay ng gabay upang maipagpatuloy ang ganitong karanasan at buhay bilang bagong mukha ng Simbahan pabalik sa mga parokya at kahit sa mga laylayan ng Simbahan.

Sa Misa noong nakaraang araw ng Linggo narinig natin sa homiliya ang paghuhubog sa aspeto ng pasasalamat na isang haligi ng sinisimulan nating buhay-katiwala. Ang pasasalamat ang ugat ng pagbabahagi. Ang nagbabahagi nang may pasasalamat ay nagbabahagi nang may galak, bukal sa loob at sagana kung magbigay.

Sa ating diyosesis pinag-uugnay natin ang tatlong pagkilos: pagdiriwang ng ika-500 taon ng Kristiyanismo sa ating bansa, pagpapasimula ng buhay-katiwala at pakikiisa sa programa ng buong Simbahan sa sama-samang paglalakbay upang maisakatuparan ang pinagbagong buhay ng Simbahan, ang buhay pagbubuklod, pagbabahagi at pagmimisyon. Magagawa natin ito sa paggabay ng Espiritu Santo at sa pakikiisa ng lahat ng mga binyagan: mga punong-katiwala, mga lingkod-katiwala at pati ang mga kasapi ng ibang sektor ng lipunan na nais makibahagi sa paglalakbay na ito ng Simbahan. Pagpalain nawa tayong lahat ng Diyos.

Gabay sa pagninilay:

Natutuwa ba ako na maging kabahagi ng paglalakbay na ito ng Simbahan tungo sa lalong ikasisigla nito at pagbabahagi ng buhay pananampalataya sa iba? Sa anong aspeto ng aking buhay damang-dama ko na ako ay mahalagang kasapi ng Simbahan?